# Balitang Manmin

BILANG 188 OKTUBRE 1, 2017

# Nagkaroon ng Pagpapagaling, Nasagot ang mga Panalangin, at Sumigla ang mga Espiritu sa Lugar ng Muan Sweet Water










Hindi mabilang na tao na nagmula pa sa iba't ibang bansa, iglesya at denominasyon ang nagsigaling, at natupad ang mga minimithi ng puso sa lugar ng Muan Sweet Water.

Noong Agosto 10, pagkatapos ng Retreat sa Tag-init ng Manmin 2017, dumating sa Muan Manmin Church sa Haeje-myeon, Muan, Jeonam, ang mahigit sa 1,000 mga pastor at mananampalataya mula sa 32 mga bansa. Pagkatapos mananghalian, nakita nila sa kalangitan ang mundong espirituwal. Naglublob din sila sa Muan Sweet Water Pool.

Ang iglesya ay nasa isang isla, konektado ito sa bayan sa pamamagitan ng daanan na ginawa para dito. Walang tubig na maiinom sa islang ito noon. Kahit naghukay pa sila ng balon, tubig-dagat ang nakuha nila. Noong panahong iyon, si Pastor Myeongsul Kim ang nagpapastor sa iglesyang ito, nanalangin siya at ang mga miyembro, pinanghawakan nila ang talatang nakasulat sa Exodo 15:25, "Siya'y dumaing sa PANGINOON at itinuro sa kanya ng PANGINOON ang isang punungkahoy, inihagis niya ito sa tubig, at ang tubig ay tumamis..."

Noong Marso 2000, dahil sa tulong ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa pananalangin tungkol dito habang nasa bundok panalanginan ito, sinagot ng Diyos ang dalangin nila. Pinalitan ng Diyos ang tubig na maalat sa tubig na maiinom. Tinawag nila itong Muan Sweet Water. Noong taong 2007, kinumpirma ng U.S. Food and Drug Administration sa pamamagitan ng mga pagsusuri na pwede itong inumin at mataas ang kalidad nito.

Sa 2 Mga Hari kabanata 5, inutusan ni Propetang Elias si Naaman na maglublob ng pitong beses sa Ilog ng Jordan dahil may sakit siyang ketong. Gumaling siya at naging malinis ang balat niya. Lumublob din ng pitong beses sa paliguan ng Muan Sweet Water ang mga bisita sa Muan Manmin Church, nanampalataya sila kaya naranasan nila ang kapangyarihan ng Diyos.

Sinabi ni Diakonesa Thitikarn, 42 taong gulang, mula sa Thailand, "Sampung taon na akong nakakikita ng lumulutang na bagay sa kanang mata ko (muscae volitantes, floaters). Parang may mga dumi at insekto sa loob ng mata ko. Malabo ang paningin ko, hindi ako kumportable. Pero pagkatapos kong maglublob sa paliguan ng Muan Sweet Water, gumaling ako! Naging malinaw ang paningin ko!" Gumaling din ang sakit sa balat ni Kapatid Laura Granada, 21 taong gulang, taga-Colombia, at nawala ang pananakit ng mga mata ni Kapatid Mahesh, 35 taong gulang, mula sa India, malusog na siya ngayon.

Marami pa sa kanila ang luminaw ang paningin, marami din ang gumaling sa mga masasakit na nararamdaman sa katawan tulad ng likod, tuhod, at tiyan kapag may buwanang dalaw. Gumaling ang iba mula sa mataas na lagnat, edema, at sakit sa balat. Nang magbukas ang mga mata ng iba sa espirituwal na mundo, nakita nila ang imahe ng Panginoon, mga anghel, at mga hiyas.

Sa Halamanan ng Muan Sweet Water, tinikman ng mga bisita ang maalat na tubig na nakukuha sa isang balon, pagkatapos, tinikman nila ang tubig mula sa balon ng Muan Sweet Water. Damang-dama nila ang kadakilaan at kapangyarihan ng Diyos na nagpalit ng lasa ng tubig alat at ginawa itong tubig na naiinom.

Nakita ni Diakonesa Kazumi Akushichi, 59 taong gulang, mula sa Japan, ang aurora light at ang anyo ng isang leon na isa sa apat na buhay na nilalang. At habang nakatingin sa araw ang Kapatid Suresh, 31 taong gulang, mula sa India, ay nakakita siya ng dagat at barko na sinasakyan ng hindi mabilang na mga tao, mga anghel at may hugis ng puso. Nakakita naman ng mga anghel si Kapatid Arnong, 26 taong gulang, mula sa Thailand. Nakita niyang may pinto na bumukas sa paligid ng araw at lumabas sa pintuan ang liwanag. Marami sa kanila ang nakakita ng ginto at pilak na pulbos na lumulutang sa hangin, ang tabak ng Banal na Espiritu, isang krus, mga propeta, Halamanan ng Eden, mga kristal na barko, susi ng Langit at isang malaking anghel. Napuno sila ng kagalakan.

## "Gumaling ang Sakit Ko sa Balat, Nakakita Ako ng Anghel!"

Kapatid Jihosuya Jena,
Presidente ng Shalom Odisha Children's Home, Delhi Manmin Church, India



Siyam na taon akong may pigsa sa talukap. Napakasakit nito, nagdulot ito ng maraming problema sa buhay ko. Pero noong Oktubre 2015, pagkatapos kong lumublob sa paliguan ng Muan Sweet Water, gumaling ito. Nag-uwi ako ng Muan Sweet Water sa India, binigyan ko ang mga empleyado ng bahay-ampunan, at ang iba ay ibinigay ko sa mga kaibigan ko. Nabalitaan ko na gumaling din sila mula sa sakit sa balat, sakit ng tiyan, at lagnat.

Sa taong ito, bumisita akong muli sa lugar ng Muan Sweet Water pagkatapos ng retreat. Sampung taon na akong nagdurusa sa sakit sa balat sa aking leeg. Napakakati nito, hindi ako mapalagay. Pero nang maglublob ako sa paliguan ng Muan Sweet Water, nawala ang pangangati. Magaling na ako! Malinaw din ang nakita kong mukha ng isang anghel, pati ang mga mata at ilong nito. Naranasan ko ang mundong espirituwal. Lumakas ang paniniwala ko na may Langit at Impiyerno, mas determinado akong magsikap na sundin ang Salita. Hallelujah!



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Tunay na Mahalaga

"Magkaroon kayo sa inyo ng ganitong pag-iisip na na kay Cristo Jesus din naman" (Filipos 2:5).

•••

Ang buhay natin ay dapat ihanda para sa walang hanggang buhay sa langit. Gaya ng sinasabi sa Mga Hebreo 9:27, "At yamang itinakda sa mga tao ang mamatay minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom..." ang bawat isang tao ay mamamatay, pipili siya sa dalawa, Langit o Impiyerno. Kaya ano ang dapat ninyong pahahalagahan at hahanapin sa buhay ninyo ngayon?

### 1. Mahalin Ninyo ang Diyos ng Higit sa Lahat

Diyos lang ang nilalaman ng puso ni Jesus. Nabuhay Siya para tuparin ang kalooban ng Diyos. Hindi Niya hinangad ang kaluwalhatian, karangalan, at kapangyarihan na pwede Niyang tamasahin bilang isa sa Tatlong Persona ng Diyos. Noong kinapootan Siya habang pasan ang krus, tinutupad lang Niya ang kalooban ng Diyos dahil mahal na mahal Niya ang Diyos Ama.

Napakabait ng Diyos na nakatagpo ko. Iniwan ako ng lahat noong maysakit ako, hindi na ako umasa na gagaling pa ako. Pero lumapit sa akin ang Diyos at pinalakas ako. Napakalupit ng pitong taong pinagdusahan ko ng matindi, pero nadama ko ang pagmamahal ng Diyos dahil inilgtas Nya ako mula sa pagdurusa at sakit. Bukod dito, natanto ko na papunta ako sa Impiyerno dahil makasalanan ako, pero iniligtas ng Diyos ang kaluluwa ko.

Natanto ko kung anu-anong klaseng pagdurusa ang pinagdanan ni Jesus para iligtas ako. Napaiyak ako dahil sa dakilang pag-ibig na ito. Papayag ba kayong ilaan ang buhay ninyo para sa ibang tao? Gagawin ba ninyo ng walang pag-aalinlangan para sa taong minamahal ninyo ang pagpapalatigo hanggang sa mapunit ang laman ninyo, o magpapapako ng inyong mga kamay at paa, at mamatay sa krus at dumanak ang dugo? Mayroon ba sa mundong ito na gagawa nito para sa inyo?

Ginawa ng Diyos at ng Panginoon ang lahat ng ito para sa atin kahit hindi pa natin nakikilala ang Diyos. Nang matanto ko ang pag-ibig na ito, hindi ko mapigilang mahalin ang Diyos. Minamahal ko ang Diyos nang higit sa pamilya ko at sa buhay ko. Walang pasubali ang pagsunod ko sa kalooban ng Diyos, sinikap kong gawin ang lahat ng bagay na makapagbibigay ng lugod sa Kanya.

Kung mahal ninyo ang Diyos ng higit sa lahat, mamahalin at magtitiwala din kayo sa pastol na naghahatid ng pag-ibig ng Diyos at nagtuturo ng katotohanan sa inyo. At para makapagbigay ng kaluguran sa Diyos at lakas sa pastol, iwaksi ninyo ang mga kasalanan ninyo at ang mga makamundong bagay. Hindi kayo magtatrabaho o mag-aaral para sa sarili ninyo, hahanap kayo ng paraan kung paano mabibigyan ng kaluwalhatian ang Diyos sa pamamagitan ng pagkamit ng maraming kaalaman at kahusayan.

Tuturuan kayo ng Diyos ng pinakamabuting paraan. Kapag mamahalin ninyo Siya nang higit sa lahat, ang iisang buhay na ibinigay sa inyo ay magiging pinakamahalaga.

### 2. Dapat Ninyong Mahalin ang mga Kaluluwa

Mabubuting bagay lang ang nais ibigay ng ating Panginoon sa mga kaluluwa kahit isakripisyo pa Niya ang buhay Niya. Idinalangin Niya ang mga kaluluwa kahit mamamatay na Siya sa krus. Ang mga taong may ugaling katulad ng sa Panginoon ay maglilingkod at magmamahal sa mga kaluluwa nang higit pa sa sarili nila.

Sinasabi sa Filipos 1:23-24, "Sapagkat ako'y naiipit sa pagitan ng dalawa: ang aking nais ay umalis at makasama si Cristo, sapagkat ito ay higit na mabuti. Gayunma'y ang manatili sa laman ay higit na kailangan dahil sa inyo." Nangaral si Pablo ng ebanghelyo kahit dumaan siya sa hindi mabilang na pag-uusig. At sa bandang huli, ikinulong siya sa Roma. Hindi niya tiningnang mahirap ang nakakulong, hindi rin siya natakot sa kamatayan. Mas ginusto pa niyang makasama agad ang Panginoon. Pero nabubuhay siya araw-araw para sa mga kaluluwang ipinagkatiwala sa kanya.

Parang ako rin, hinahangad kong makasama na ang Panginoon, Wala na akong inaasam dito sa mundo. Pero nabubuhay ako sa aking makakaya para sa mga kaluluwang inihabilin sa akin ng Panginoon. Minsan, ipinakita sa akin ng Diyos ang Impiyerno. Pagkatapos, binigyan Niya ako ng tungkulin na mangaral ng ebanghelyo sa buong mundo para mas maraming pang kaluluwa ang maligtas. Sinabi din Niya sa akin na baguhin ang mga kaluluwa ayon sa katotohanan para mapuno ang lunsod ng Jerusalem. Ito ang dahilan kung bakit nabubuhay ako dito sa mundo.

Maluluwalhati ang Diyos kapag nagbabago sila bawat araw dahil sa pag-ibig Niya, at gumagaling ang mga karamdaman nila, at tumatanggap ng mga biyaya ayon sa pananampalataya. At kung nakikita kong niluluwalhati nila ang Diyos dahil sa mga bagay na ito, lumalakas ako at naipagpapatuloy ko ang buhay ko.

Mas magsisikap din kayo na maipangaral ang ebanghelyo kung mas madadama ninyo ang kalooban ng Diyos para sa mga kaluluwa. Aalagaan ninyo at ididadalangin ang mga kaluluwang may maliit na pananampalataya. Kung may mga kapatid na dumadaan sa mga pagsubok, pwede ninyo silang idalangin o kaya, ialok ang pag-aayuno para sa kanila. Kapag may nakita kayong nangangailangan ng tulong, pwede kayong tumulong.

Habang nagpapakita kayo ng pagmamahal, nalulugod ang Diyos sa inyo, bibigyan Niya kayo ng malalaking biyaya. Napakahalaga ng pagliligtas sa mga kaluluwang nanghihingalo, at nagpapalakas at tumutulong sa mga kaluluwang ni hindi na makatayo dahil sa pagod. Ang mga bagay na ito ay totoong napakahalaga. Hinihiling ko sa inyo na gawin ninyo kung ano ang mabuti, idalangin ninyo ang mga kaluluwa para maligtas, magkawanggawa, at mangaral kayo ng ebanghelyo.

### 3. Nais ng Diyos na Magkaroon Kayo ng Walang Hanggang Kasiyahan sa Langit

Ang mga taong tumutulad kay Jesu Cristo ay sasagana sa lahat ng bagay, magiging malusog siya at bubuti ang kalagayan ng kaluluwa niya. Pagpapalain sila papasok man o palabas, magiging ulo sila at hindi buntot, nakasulat ito sa Deuteronomio 28. Ang itinatatag ng tao ay pwedeng mawasak kahit na anong oras pero ang mga biyaya mula sa Diyos ay matatag at hindi magigiba.

Sa huli, kapag nakarating tayo sa walang hanggang kaharian ng langit, bibigyan tayo ng Diyos ng magagandang tirahan at tunay na kasiyahan ayon sa sukat ng pagtulad natin kay Jesu-Cristo. Bibigyan tayo ng Diyos ng kaluwalhatian at mga gantimpala ayon sa itinanim natin. Ibinibigay ng Diyos ang pagmamahal sa kahit sino, habang sinisikap ninyong Siya ay mahalin at paglingkuran ang mga kaluluwa, at magsakripisyo para sa kanila ayon sa sukat ng inyong pananampalataya.

Bibigyan tayo ng Diyos ng masaganang pagpapala at lakas para matapos natin ang takbuhin ng pananampalataya kung magtitiwala tayo sa Panginoon at susunod sa mga utos Niya. Hinihikayat ko kayong panghawakan ang pag-ibig ng Diyos, piliin ninyo ang katotohanan at huwag pabagu-bago ng isipan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung matatanto ninyo ang tunay na halaga ng buhay, at mamahalin ang Diyos at ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili ninyo, magiging katulad kayo ni Jesu-Cristo.

Nais kong sabihin ninyo, "Ang makapangyarihang Diyos ay Ama ko, makakaya kong gawin kahit na anong bagay; salamat sa Panginoon; Makakaya ko ito dahil tutulungan ako ng pastol, hindi niya ako bibitiwan hanggang sa katapusan ng mundo!" Hinihiling ko sa inyo na sundin ninyo ang kalooban ng Diyos bawat araw. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na dahil sa pagsnod ninyo mananahan kayo sa dakilang kaluwalhatian ng Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Nagkaisa ang Lahat ng Miyembro ng Manmin sa Idinaos na Palaro Dahil sa Tulong ng Banal na Espiritu!





## Isang Pandaigdigang Pagdiriwang na Punung-puno ng Himala ang Idinaos Ayon sa Kabutihan at Pagkakasundo

Habang idinadaos ang palaro ng Manmin, natakpan ng mga ulap ang araw at mayroong malamig na hanging humihihip. Dahil dito, naisip ng mga dumalo ang simoy ng hangin sa Langit. Nadama nila ang dakilang pag-ibig ng Diyos dahil ipinadama sa kanila ang sariwang hangin.

Ang temperatura sa buong bansa ay lumampas pa sa 30 degrees Celsius, nagpalabas na ng babala ang kinauuulan. Pero hindi nadama sa Muju, Jeonbuk, kung saan idinaos ang retreat, ang matinding init (kanan). Dahil sa himalang ipinakita ng Diyos, nakaranas ang mga dumalo ng pinakamabuting lagay ng panahon.

Ang retreat ay dinaluhan ng mga taong mula sa 37 mga bansa, nakipaglaban sila sa mga palaro bilang miyembro ng koponan ng mga sangay na iglesya. Nanguna sila sa mga palaro at sila ang nanalo. Labindalawang medalya ang napanalunan nila kasama dito ang 100m takbuhan (babae at lalaki), relay race (mga lalaking estudyante, lalaking pastor, at mga mas may edad na miyembrong babae at lalaki), mas mahabang takbuhan (mga lalaki at babae), soccer, sireum (isang klase ng wrestling, ang mga kasali ay dapat may timbang na 90kg at mas mataas sa 90kg), arm wrestling (para sa mga kababaihan, mas mababa sa 65kg ang timbang).

Lahat ng koponan ay naglaban ng may pagkakaisa, kabutihan, at pagkakasundo. Nagkaisa ang mga miyembro mula sa buong daigdig dahil sa pag-ibig ng Panginoon.















## Ang Susi sa Tagumpay ay "Pagbibigay ng Lugod sa Diyos"

Tinanggap ng koponan mula sa sangay na iglesya ang gintong medalya sa Mini Soccer. Nagmula sa iba't ibang sangay ang mga naglaro, sa Daejon, Yeosu, at Miryang, pero nagkaisa sila dahil sa tulong ng Panginoon.

Isa si Kapatid Farid Hernandez, mula sa Colombia, sa mga naglaro, sinabi niya, "Nagsanay ako ng ilang taon sa paglalaro ng soccer, at umasa na mabibigyan ko ng lugod ang Diyos sa paglalaro ko. Naka-goal ako kaya nanalo kami. Magsisikap akong magbagong buhay pagbalik ko sa Colombia, susulong ako patungo sa Bagong Jerusalem."







Sa tug-of-war ng mga kababaihan, panlimang beses ng nananalo ng gintong medalya ang koponan ng 1st Great Grand Parish. Pinaghandaan ng Punong Diakonesa at Direktor Jeongnyeo Bae, ang laban. Nanalangin at naghandog siya sa pulong panalanging Daniel. Kahit limang beses na sunod-sunod ang panalo nila, nagsanay pa rin ang mga miyembro kahit tapos na ang palaro pagkatapos ng pulong panalanging Daniel. Samantala, gumaling ang may mga nalinsad na buto sa balikat, pananakit ng likuran, at napwersang mga litid.

Si Kapatid Alina Palnikov, mula sa Sacramento, California sa Estados Unidos ay nanalo ng gintong medalya sa arm wrestling para sa mga kababaihan. Sa unang araw, nang ganapin ang pulong na may pagpapagaling, nawala ang pananakit na naramdaman niya sa katawan dahil sa fibromyralgia syndrome, problema niya ito mula pa noong 13 taong gulang siya. Sinabi niya, "Gusto kong manirahan sa Korea bilang miyembro ng Manmin." Pinapakita nito kung gaano siya kasaya sa retreat.

### Bishop ng Western Ural Area Mission, Russia
### Pastor Valerii Trenogin



"Ang Palaro ng Manmin ay isang okasyong maayos na pinaghandaan. Lahat ng miyembro ay mukhang mapayapa at puno ng pagmamahal. Napakasayang makita ang mga miyembro mula sa ibang bansa na nakikilaro sa mga miyembro mula sa Manmin. Ang panahon ay napakaganda. Nakakamangha!"

### Presidente ng TBN Baltia, Estonia
### Pastor Maksim Tomassov



"Nadama ko ang pag-ibig ng Panginoon na nangingibabaw sa lahat ng sangay ng Manmin, nagkakaisa sila sa Palaro. Naglabanlaban ang mga anak ng Diyos sa iba't ibang palaro, tumanggap sila ng mga medalya, at binati ang mga nanalo. Nakakabilib! Gusto kong bumalik sa susunod na taon, magsasama ako ng mas maraming tao mula sa Estonia para madama din nila ang pagpapala at kabutihan ng Diyos, kasama ng ibang miyembro."

## Mga Mananakbo Mula sa Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya

Ang pinakahihintay sa bawat palaro ay ang takbuhan. Malaki ang naiambag ng mga miyembro ng Nairobi Manmin Holiness Church sa pagpanalo ng koponan. Nanalo ng mga gintong medalya si Ketupei Jacob (kaliwa), sa 100m takbuhan, sa relay race para sa mga kalalakihan, at medalyang pilak sa mas mahabang takbuhan. Nanalo ng gintong medalya si Catherine (kanan) sa 100m sprint, mahabang takbuhan, at relay race para sa mga kababaihan. Tumanggap din sila ng parangal bilang pinakamahalagang manlalaro sa Palaro.

Nanalo ng gintong medalya si Kapatid Mutiso Abel sa mahabang takbuhan, nangunang natapos sa karera si Pastor Edwin Otieno sa relay-race para sa mga kalalakihan (pangatlo at pang-apat sa mga litrato). Umaasa sila na makikilala nila ng personal ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, at natupad ang minimithi nilang ito.







Pinanood ng mga miyembro ng Nairobi Manmin Church ang mga laro sa GCN (www.gcntv.org). Masayang inabangan ng mga kababayan nila ang pagdating nila sa Kenyatta Airport noong Agosto 14, nakibahagi sila sa tagumpay ng mga manlalaro, hinandugan nila ang mga ito ng mga bulakak.

Noong Agosto 22, nagdaos ng pagsamba ng pagpapasalamat at selebrasyon kasama si Bishop Dr. Myongho Cheong bilang tagapagsalita, para sa nanalong si Jacob. Anak siya ng lider ng mga mamamayan ng Maasai.

# Papuri at Pagsamba ng Manmin sa may Campfire Taong 2017, Puno ng Mabangong Samyo ng Kagalakan at Pag-ibig!



Sa ikatlong araw ng Retreat sa Tag-init ng Manmin taong 2017, idinaos ang papuri at pagsamba sa may campfire habang may humihihip na banayad at malamig na hangin. Namuno ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa papuri, at ang mga miyembro ng Manmin mula sa loob at labas ng Korea ay nagpasalamat at nagalak dahil naintindihan nila ang pag-ibig at sakripisyo ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol. Nagkaroon sila ng pag-asa para sa buhay na walang hanggan sa Bagong Jerusalem. Pinapurihan nila ang maalab na pag-asa na maging mga tunay na anak ng Diyos at makamit ang kaloobang tulad ng sa Panginoon.











## "Malapit na Akong Mamatay, Pero Narito Ako, Buhay! Natupad ang Pangarap Ko!"

**Lahore, Pakistan**
**Kapatid Sehrish Cynthia**



Nakamamangha ang Papuri at Pagsamba sa may Campfire. Perpekto ito at punungpuno ng pag-ibig ng Diyos ang puso ko. Nagtipon ang mga tao na may iba't ibang kultura at bansa, pero nagkaisa sila sa Panginoon. Parang isang malaking pamilya sila, nagkakaisa. Masayang-masaya ako. Para sa akin, malaking pagpapala ito. Parang panaginip.

Noong pitong taong gulang ako, nagdusa ako mula sa celiac disease. Nanghina ako nang labis, pero hindi ako pwedeng operahan. Sinabi ng doktor na hindi na ako magagamot, sinabi niya sa pamilya ko na iuwi na lang ako sa bahay. Noong panahong iyon, nasa Korea ang kapatid kong babae, dinala niya ang litrato ko at tinanggap ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Mabilis ang paggaling ko, hindi nagtagal, naging malusog ako at pinauwi na mula sa ospital.

Magmula nang muli akong buhayin, binalak ko na makabisita sa Manmin Central Church sa Korea. Natupad ko ito ngayong taong ito. Nagpuri ako sa Diyos kasama ang Punong Pastor at ang mga miyembro ng Manmin, sumaya ako at nagpasalamat.

## "Gumaling mula sa Autism ang Anak Kong Babae at Nakakita ng Napakaraming Anghel ang Anak Kong Lalaki!"

**London, United Kingdom**
**Elder Mathias Kasasa**



Magmula noong taong 2014, dumadalo na ako sa mga Retreat sa Tag-init ng Manmin. Tumatanggap ako ng malaking pagpapala sa bawat retreat. Taun-taon, pabuti nang pabuti ang kalagayan ng anak kong may autism, idinadalangin siya ni Dr. Jaerock Lee. Nagsasalita na siya ngayon at marami na siyang nagagawa, pumapasok pa siya sa eskwelahan.

Dumadalo kami ng mga pagsamba at pulong panalanging Daniel sa Manmin Central Church sa pamamagitan ng internet. Sinusundan ng anak kong lalaki at babae ang papuring Manmin sa wikang Koreano. Sa papuri at pagsamba sa may campfire, nakitang masayang-masaya sila, parang nasa Langit na sila habang nagpupuri kasama ng Punong Pastor.

Bukod dito, nakakita ng mga anghel ang anak kong si Joanita, 14 taong gulang, may dala ang mga ito ng mga ulap at ulan habang kumakanta kami ng "The Shepherd's Sacrifice-Tears". May nakita rin na anghel ang anak kong lalaki na may lumalabas na hamog o usok mula sa bibig habang may mga pailaw. Nakakita din siya ng maraming anghel na sumasayaw kasama ang Punong Pastor.

## "Ito'y Isang Piging na Makalangit, Punung-puno ng Pag-ibig!"

**Tallinn, Estonia**
**Pastor Grigori Kolessov**



Kamangha-mangha ang Papuri at Pagsamba sa may campfire. Parang makalangit na handaan ito, hinaplos ng Diyos ang puso ko. Damang-dama ko ang dakilang pagmamahal ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee dahil idinadalangin at ginagabayan niya ang bawat isa sa atin. Naantig ang damdamin ko.

Ang panahon at ang temperatura ay perpekto, napakaganda din ng tugtugan. Naantig ang puso ko ng pagmamahal ng Diyos na ipinakita sa sakripisyo ng pastol.

Ang lugar na pinadausan ng okasyon ay puno ng pag-ibig ng Diyos, nagkaisa kami sa pagbigay ng luwalhati sa Diyos. Nagpuri sa Diyos ang mga kapatid mula sa iba't ibang bansa. Ipinakita nila ang pagmamahal sa Kanya bilang isang pamilya.

Hinaplos ng dakilang pag-ibig ng Diyos ang puso ko. Tinatamasa ko ang malaking pagpapala, kapayapaan, at kasiyahan mula sa Diyos.


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714